Republic of the Philippines
Department of Health
**FOOD AND DRUG ADMINISTRATION**

24 November 2014

**FDA Advisory**
No. 2014-084-A

**PAKSA: BABALA SA PUBLIKO LABAN SA PAGGAMIT NG HINDI REHISTRADONG GLUTAX 5GS KIT**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa paggamit ng hindi rehistradong Glutax 5GS Kit na pinagbibili *online* o binebenta sa ilang *dermatologic clinics*. Naglalaman ang Glutax 5GS Kit ng mga sumusunod na produkto:

1. Glutathione 5000 mg + Alpha Lipoic Acids 200 mg (Glutax 5GS) Powder for Injection (IM/IV) in glass vial
2. Vitamin E 300 mg + Pro-Vitamin B3 250 mg + Pro-Vitamin B5 100 mg (Glutax 5GS) Solution for Injection (IM/IV) in glass ampule
3. Ascorbic acid 1500 mg/ Collagen extract 350 mg (Glutax 5GS) Solution for Injection (IM/IV) in glass ampule

*Larawan 1.* Itsura ng Glutax 5GS kit at ang mga laman nito

Sa pagsusuri ng Food and Drug Administration (FDA) ang nasabing kit at ang mga nilalaman nitong produkto ay napatunayang hindi rehistrado.

Ang publiko ay pinapaalalahanan na ang mga *injectables* na naglalaman ng glutathione at ang mga bitamina na pang-iniksyon ay nangangailangan ng reseta at dapat ibigay ng isang *healthcare practitioner*.

Ang publiko ay pinapayuhan na tanging mga gamot na rehistrado sa FDA ang gamitin, maging mapanuri at hanapin ang FDA registration number o DR number sa *label* tuwing mamimili ng gamot. Ang pagsusuri at pagrerehistro ng FDA sa gamot ay para maisigurado na ito ay ligtas, mabisa, dekalidad, at naproseso sangayon sa mga pamantayan ng *current Good Manufacturing Practices* (cGMP).

Lahat ng inspektor ng FDA ay inaatasan na ipatigil ang pagbebenta ng Glutax 5GS Kit o ang mga laman nito sa lahat ng pamilihan.

Ang lahat ay binabalaan na ang pagbebenta, pagaangkat, at pamamahagi ng gamot na hindi rehistrado sa FDA ay pinagbabawal at may kaukulang parusa na naayon sa Republic Act No. 3720, na inamyendahan ng Republic Act No. 9711, o "Food and Drug Administration Act of 2009", at Republic Act No. 8203, na kilala bilang "Special Law on Counterfeit Drugs".

Para sa higit pang impormasyon at mga katanungan, maaaring mag e-mail sa info@fda.gov.ph. Hinihikayat ang lahat na magreport sa FDA ng anumang patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga hindi rehistradong produkto o mga pinaghihinalaang pekeng produktong pangkalusugan sa pamamagitan ng pag email sa report@fda.gov.ph o pagtawag sa numero (02)807-8275.

**ATTY. NICOLAS B. LUTERO III, CESO III**
Assistant Secretary of Health
OIC, Food and Drug Administration

20141124145646